Republic of the Philippines

Department of Education

DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City

STRENGTHENED SENIOR HIGH SCHOOL CURRICULUM

FILIPINO 1
(WIKA AT KOMUNIKASYON SA AKADEMIKONG FILIPINO)

Baitang 11/12

Deskripsiyon ng Kurso:
Nakatuon ang kursong ito sa mga katangian at pag-unlad ng wikang Filipino para sa mabisang pagdidiskurso sa iba't ibang disiplina.

Elective: Akademiko
Paunang Kailangang Asignatura: Wala
Itinalagang Oras: Apat (4) na oras bawat linggo; kabuoang 80 oras sa loob ng isang seméstre

UNANG MARKAHAN

PAMANTAYANG PANGNILALAMAN	Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kritikal na pag-unawa sa wika at mga wika sa Pilipinas tungo sa pagpapahalaga sa Filipino bilang wikang pambansa
PAMANTAYAN SA PAGGANAP	Nakasusulat ng kritikal na sanaysay na tumatalakay sa sitwasyon ng wikang Filipino sa lipunang Pilipino

KASANAYANG PAMPAGKATUTO	**NILALAMAN**
1. Naipaliliwanag ang kahulugan, kahalagahan at katangian ng wika sa komunikasyon at ang papel nito sa lipunan	I. Batayang Kaalaman sa Wika A. Kahulugan at Kahalagahan ng Wika sa Komunikasyon B. Katangian ng Wika 1. Arbitraryo 2. Dinamiko 3. Malikhain 4. Iba pa

2. Nasusuri ang gamit at tungkulin ng wika sa sarili, pamilya, lipunan, bansa, at daigdig 3. Naibabahagi ang mga halimbawang sitwasyon na nagpapakita ng gamit at tungkulin ng wika	C. Gamit at Tungkulin ng Wika 1. Interaksiyonal 2. Instrumental 3. Regulatoryo 4. Heyuristiko 5. Impormatibo 6. Personal 7. Imahinatibo
4. Naihahambing ang paggamit sa barayti ng wika ayon sa mga piling sitwasyong napakinggan, nabasa, at napanood 5. Nasusuri ang barayti ng wika na ginamit sa teksto batay sa layon, konteksto, at target awdyens 6. Naiuugnay ang mga konseptong pangwika sa iba't ibang sitwasyong pangkomunikasyon batay sa sariling kaalaman, pananaw, at mga karanasan	D. Barayti ng Wika 1. Idyolek 2. Dayalek 3. Sosyolek 4. Rehistro E. Wikang Pambansa, Wikang Panturo, Wikang Opisyal, Bilingguwalismo at Multilingguwalismo
7. Naiisa-isa ang mga sanhi at bunga ng mahahalagang pangyayari sa pag-unlad ng wikang Filipino 8. Naipaliliwanag ang sistema ng pagsulat at ang mga batayang tuntunin sa pagbabaybay sa Filipino	II. Pag-unlad ng Wikang Filipino A. Mga Katutubong Wika B. Tagalog C. Pilipino D. Filipino III. Mga Sistema ng Pagsulat sa Pilipinas A. Mga Katutubong Sistema ng Pagsulat 1. Alpabeto 1.1. Abecedario 1.2. Abakada 1.3. Alpabetong Filipino (Walong dagdag na letra at mga tuntunin sa pagbabaybay)

9. Nasusuri ang mga sitwasyong pangwika sa Pilipinas mula sa mga napakinggan, nabasa at napanood	IV. Mga Sitwasyong Pangwika sa Pilipinas A. Edukasyon B. Midya C. Pamahalaan D. Kalakalan E. Batas F. Iba pa
10. Nakasusulat ng kritikal na sanaysay na tumatalakay sa sitwasyon ng wikang Filipino sa lipunang Pilipino	**Pinal na Awtput:** Kritikal na Sanaysay

IKALAWANG MARKAHAN

PAMANTAYANG PANGNILALAMAN	Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kritikal na pag-unawa sa mga batayang kaalaman sa komunikasyon at kakayahan sa akademikong Filipino sa pagsusuri ng mga teksto sa iba't ibang disiplina tungo sa mabisang pakikipagdiskurso
PAMANTAYAN SA PAGGANAP	Nakapagsasagawa ng kritikal na talakayan tungkol sa isang napapanahong usaping panlipunan

KASANAYANG PAMPAGKATUTO	**NILALAMAN**
1. Naipaliliwanag ang kahulugan, kahalagahan, uri, antas, elemento, at proseso ng komunikasyon 2. Nailalapat ang mga konseptong pangkomunikasyon sa iba't ibang sitwasyon	I. Konseptong Pangkomunikasyon A. Kahulugan at Kahalagahan ng Komunikasyon B. Uri ng Komunikasyon 1. Berbal 2. Di-berbal C. Antas ng Komunikasyon 1. Intrapersonal 2. Interpersonal 3. Publiko 4. Iba Pa D. Elemento at Proseso ng Komunikasyon 1. Nagpadala 2. Mensahe

	3. Tumanggap 4. Daluyan 5. Tugon (*feedback*) 6. Konteksto 7. Ingay
3. Naipaliliwanag ang kahulugan at kahalagahan ng kakayahang komunikatibo	II. Kakayahang Komunikatibo A. Lingguwistiko/ Estruktural/ Gramatikal B. Sosyolingguwistiko C. Pragmatiko D. Diskorsal E. Estratehiko
4. Naipaliliwanag ang kahulugan, kahalagahan at katangian ng akademikong Filipino 5. Naipaliliwanag ang intelektuwalisasyon ng wikang Filipino sa iba't ibang disiplina 6. Nasusuri ang paggamit ng akademikong Filipino sa mga sulatín sa iba't ibang disiplina	III. Akademikong Filipino A. Kahulugan, Kahalagahan, at Katangian B. Pasalita at Pasulat na Tuntunin sa Paggamit ng Akademikong Filipino C. Intelektuwalisasyon ng Wikang Filipino (Pagsasakatutubo, Pagsasalin, Paglikha ng Terminong Teknikal) IV. Akademikong Filipino sa Iba't ibang Disiplina A. Edukasyon B. Sining at Humanidades C. Agham at Teknolohiya D. Medisina at Kalusugan E. Agham Panlipunan F. Batas G. Inhenyeriya at ICT H. Negosyo at Kalakalan I. Teknikal-Propesyonal na Larang J. Iba Pa

7. Natutukoy ang mga tuntunin at hakbang sa pagsasagawa ng kritikal na talakayan gamit ang iba't ibang mungkahing moda ng diskurso	V. Mga Tuntunin at Hakbang sa Pagsasagawa ng Kritikal na Talakayan Gamit ang Mungkahing Moda ng diskurso (hal., FGD, Forum, *Mobile Journalism*, Debate, Blog, *Vlog*, *Video Conference*, *Podcast*, *Vodcast*, *Zine*, at iba pa)
8. Nakapagsasagawa ng kritikal na talakayan tungkol sa isang napapanahong usaping panlipunan	**Pinal na Awtput**: Pagsasagawa ng Kritikal na Talakayan

GLOSARYO

Akademikong Filipino - wikang ginagamit sa iba't ibang disiplina ng pag-aaral na nakatuon sa mga gawaing praktikal, teknikal, diskurso, at pananaliksik (Timbreza, 1999).

Awdyens - tumutukoy sa mga taong nakikinig, nagbabasa o nanonood ng isang presentasyon; sila ang tumatanggap ng mensahe o nilalaman na ibinabahagi ng mga *performer*, *speaker*, o *content creator* (McQuail, 2010).

Diskurso - tumutukoy sa mas malawak na pag-unawa sa komunikasyon na hindi lamang nakatuon sa mga indibidwal na pahayag kundi maging sa kabuoang konteksto nito (Komisyon sa Wikang Filipino).

Kritikal na Rebyu - isang akademikong pagsusuri na naglalaman ng masusing ebalwasyon at interpretasyon ng isang akda, pelikula, o anumang likhang sining, gamit ang analitikal na pag-iisip at suportado ng ebidensya mula sa mga mapagkakatiwalaang sanggunian (Constantino, 2016)

Kuwentong-búhay– pakikipanayam sa pamamagitan ng pagpapasalaysay sa impormante ng kaniyang talambuhay o bahagi ng talambuhay.

Kritikal na Sanaysay - isang masusing pagsusuri at interpretasyon ng isang paksa o akda na gumagamit ng lohikal na argumento at ebidensya upang maipakita ang kahalagahan o implikasyon nito (Atienza et al., 2013).

Mapa-kuwento – pagsasanib ng mga metodong pagpapaguhit ng mapa at pagkukuwento. Ginagawang tungtungan ng pagsasalaysay ang iginuguhit na mapa.

Multimodal - tumutukoy sa iba't ibang uri ng moda o paraan ng pakikipagkomunikasyon gamit ang iba't ibang plataporma. Maaring kinabibilangan ng kombinasyon ng teksto, mga imahen, galaw, o tunog (University of Illinois Springfield, 2022).

Pamantayan - anumang huwarang pinagkasunduan o pinagtibay alinsunod sa pasiya ng karamihan (Diver, 1983; Kaplow, 1992).

Panukalang Pananaliksik - isang dokumentong naglalahad ng plano at layunin ng isang iminumungkahing pag-aaral, kabilang ang kahalagahan ng paksa, metodolohiya, at inaasahang resulta nito (Creswell, 2014).

Talakayang-búhay – tinatawag ding bangkaan o syeyring (sharing); isinasagawa ang bahaginan o pagbabahagi ng mga karanasan at buhay sa loob ng isang grupo o yunit.

Teksto - anumang anyo ng komunikasyong pasulat o pasalita na naglalaman ng mga ideya, impormasyon, o damdaming inilalahad upang maipahayag sa mambabasa o tagapakinig (San Juan, 2019).

Tuntunin - isang prinsipyong pinagbatayan mula sa isang masusing pananaliksik na nagtatakda ng mga dapat sundin, nagbibigay ng tagubilin, at naglilinaw din ng mga pinagbabawal (UP Diksiyonaryo; KWF Diksiyonaryo)

TALASANGGUNIAN

Almario, V., at Komisyon sa Wikang Filipino. *Manwal sa Masinop na Pagsulat*. Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino.

Ampil, R. D., et. al. (2010). *Akademikong Filipino sa Komunikasyong Global.* Manila: UST Publishing House.

Constantino, P. C. (2014). Ganito na Noon, Ganito Uli Ngayon: Pagtalunton sa Kasaysayan at Daynamiks ng Multilinggwal na Edukasyon sa Pilipinas. *Daluyan*, 190-207.

Demeterio, F. P. III. (2012). Sistematikong Multilingguwalismo: Lunsaran ng Mas Matatag na Wikang Pambansa. *Malay*, 23-38.

Diver, C.S. (1983). "The optimal precision of administrative rules." *Yale Law Journal*, 93: 65–109.

Flores, M. L. (2015). Nahuhuli at Panimulang Pagtatangka: Ang Pilosopiya ng Wikang Pambansa/Filipino. *Daluyan*, 10-39.

Halliday, M.A.K. (1973). *Explorations in the Functions of Language*. London: Edward Arnold.

Kaplow, L. (1992). "Rules versus standards, an economic analysis." *Duke Law Journal*, 557–629.

Komisyon sa Wikang Filipino (2021). *Patnubay sa Korespondensiya Opisyal*. Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino.

---. *Ortograpiyang Pambansa: Gabay sa Masinop na Pagsulat*. Manila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2021. Accessed August 19, 2024. https://www.kwf.gov.ph/ortograpiyang-pambansa.

Manzano, J. V. (2018). *Ang Pilipinong Seaman sa Globalisasyon: Mga Naratibo ng Pagsubok at Pakikibaka.* Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman.

Osserman, R. (n.d.). *Mapping*. Retrieved from Britannica: https://www.britannica.com/science/mapping

San Juan, D. M. (2024, July). *Sipat sa Sitwasyong Pangwika ng Bansa Bilang Lunsaran ng Pagbabalangkas ng Pambansang Planong Salubungan ng Estado-Sentrikong Polisiya at Baba-Taas na Adbokasiya Tungo sa Preserbasyon ng Mga Wika sa Pilipinas*. Retrieved from ResearchGate: https://www.researchgate.net/publication/382694481_Sipat_sa_Sitwasyong_Pangwika_ng_Bansa_Bilang_Lunsaran_ng_Pagbabalangkas_ng_Pambansang_Planong_Salubungan_ng_Estado-Sentrikong_Polisiya_at_Baba-Taas_na_Adbokasiya_Tungo_sa_Preserbasyon_ng_Mga_Wika_sa_P

Sy, J. M. (2023). Ang Heograpiyang mapagpalaya ng Lumad Bakwit School: Mula pagka-tayo Tungo sa Pagtayô ng mga Mag-aaral sa Piling Mapa-Kuwento. *Banwaan*, 31-68.

Tariman, K. L. (2021, August 21). *Talakayang-Buhay o 'Panitikang Saksi' ng Pambansa-Demokratikong Kilusan*. Retrieved from Philippine Collegian: https://phkule.org/article/282/talakayang-buhay-o-panitikang-saksi-ng-pambansa-demokratikong-kilusan